


Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 1: Impluwensiyang Hatid ng Pamilya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 1: Impluwensiyang Hatid ng Pamilya
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Lieselou T. Bardon
Editor:	Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib
Tagasuri:	Elizabeth Ysulan, Ricardo M. Apat, Rebecca T. Montante, Rashiel Joy F. Lepaopao, Jezzine F. Salar, Judith E. Ecoben, Megie M. Lillo, Jhon Rey C. Clarion
Tagaguhit:	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat
Tagalapat:	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

Inilimbag sa:

Department of Education - Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Unang Markahan – Modyul 1:
Impluwensiyang Hatid
ng Pamilya**

Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 1 para sa **Impluwensiyang Hatid ng Pamilya!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyon sa Pagpapakatao 8** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 1 para sa **Impluwensyang Hatid ng Pamilya!**

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!




Alamin

Bilang isang Pilipino may malaking puwang sa ating isip at puso ang ating pamilya. Hindi maipagkakaila, ang mga karanasang kasama sila ang humuhubog sa ating sarili at pagkatao. Dagdag pa, sa pamilya unang natutunan ang mga mabuting gawain na nagbibigay ng positibong impluwensiya sa sarili at sapat na aral o kaalaman.

Sa realidad, maaaring magdulot ng positibo at negatibong impluwensiya ang pamilya sa bawat kasapi ngunit sa pangkalahatan sinisikap ng bawat pamilya na makapunta ng positibong impluwensiya sa bawat isa. Pinaniniwalaang kung positibo ang pananaw ng mga magulang, nagdudulot rin ito ng magandang epekto sa mga anak na nagiging repleksiyon sa kanilang kilos, tagumpay at maging sa pakikipagkapuwa.

Sa modyul na ito, matutukoy mo ang mga pangyayari sa buhay na nagdulot ng positibong impluwensiya sa sarili at malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Natutukoy ang mga gawain o karanasan sa sariling pamilya na kapupulutan ng aral o may positibong impluwensiya sa sarili.
(EsP8PB-Ia-1.1)



Subukin

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang una at pinakapangunahing pamantayan sa paghubog ng isang maayos na pamilya?
 - A. pagkakaroon ng mga anak
 - B. pagtatanggol ng karapatan
 - C. pagsunod sa mga patakaran
 - D. pinagsama ng kasal ang magulang
2. Ang pamilyang Dela Cruz ay hindi nakalilimot manalangin nang sama-sama tuwing Linggo. Ano ang dapat tularan sa pamilya Dela Cruz?
 - A. pagiging disiplinado
 - B. pagiging matatag sa sarili
 - C. walang anumang alitan ang bawat isa
 - D. may pagkakaisa sa pagsamba sa Panginoon
3. “Kapag sama-sama at nagtulungan ang bawat kasapi ng pamilya ito ay magiging buo at matatag.” Anong aral ang mapupulot sa kasabihan?
 - A. Ang pamilya ang pundasyon sa lipunan.
 - B. Ang pamilya ang salamin sa lipunan.
 - C. Kung ano ang puno, siya rin ang bunga.
 - D. Kung matatag ang pamilya, may pakinabang sa lipunan.
4. “Ang pagmamahalan ay nagpapatibay sa isang pamilya.” Anong positibong impluwensiya ang ipinahiwayatig sa pahayag?
 - A. Ipadama ang pagmamahal sa bawat kasapi ng pamilya.
 - B. Dito ipinapakita ang pagsasama ng buhay at pagmamahal.
 - C. Nakapagbibigay-buhay dahil nakatakda ito sa pagkakaroon ng anak.
 - D. Nagkaroon ng kaligayahan ang bawat kasapi ng pamilya kung may pagmamahalan.
5. Laging ipinagdiriwang ng pamilya Santos ang tagumpay ng kanilang anak. Anong kaugalian ang maaring tularan sa pamilya Santos?
 - A. paghamon sa anak na magtagumpay
 - B. pagpapakita ng interes sa kanilang larangan
 - C. pagmamalaki sa tagumpay ng kasapi ng pamilya
 - D. pasasalamat at suporta sa tagumpay na nakamit

6. Hindi maipagkakaila ang saya sa ngiti ni Aleng Nina nang binigyan ito ng *House & Lot* ng *Engineer* na anak. Bilang Kabataan, anong impluwensiya ang masasalamín sa anak ni Aleng Nina?
 - A. pag-aalaga sa kaniyang Ina
 - B. pagmamahal sa kaniyang Ina
 - C. pag-aasikaso sa kaniyang Ina
 - D. pagbibigay-buhay sa kaniyang Ina

7. Sa kabila ng kahirapan, hindi nawawalan ng pag-asa ang ama ni Linda sa pagtaguyod sa kanila. Alin sa sumusunod ang positibong impluwensiyang ipinakita ng ama?
 - A. pagiging matatag
 - B. pagiging madasalin
 - C. pagiging masayahin
 - D. pagiging disiplinado

8. Binaha ang aming lugar noong bagyong Ondoy at sa awa ng Panginoon ay may mabuting loob na nag-alok na patuluyin kami sa kanilang tahanan. Anong aral ang mapupulot sa sitwasyon?
 - A. pagiging madasalin
 - B. pagkakaroon ng pag-asa
 - C. pagiging maramot sa iba
 - D. pagiging matulungin sa kapuwa

9. Kilala ang pamilyang Pilipino sa pagkalinga sa kanilang mga anak. Alin sa sumusunod ang nagpapatunay nito?
 - A. hinahatid sa eskuwelahan
 - B. laging binibigyan ng pera ang anak
 - C. pinapadalhan ng mga pagkain sa loob ng klase
 - D. sinusuportahan sa gustong makamit ng anak

10. Nagsisigaw si Loloy nang madatnan ang kaniyang ina na nakahandusay sa sala sa sobrang sakit ng tiyan. Dali-dali namang pumasok ang nakatatandang kapatid at dinala ang ina sa hospital. Alin sa sumusunod ang positibong pag-uugali ang ipinakita sa sitwasyon?
 - A. ang pag-alalay sa ina papunta sa ospital
 - B. labis ang kasiyahan ipinapakita ng kapatid
 - C. ang kapatid may nakaramdan ng pagkabalisa sa nangyayari
 - D. nakatutulong ang mga kapamilya sa oras ng pangangailangan

11. Araw-araw naglalako ng paninda si Aling Ester nang sa gayon ay matustusan niya ang pag-aaral ng kaniyang mga anak. Lagi rin niya itong pinapayuhan na magsipag sa kabila ng kahirapan sa buhay. Anong positibong impluwensiya ang ipinakita ni Aling Ester?
 - A. Hindi hadlang ang kahirapan sa buhay.
 - B. Pinasama ang anak sa paglalako ng paninda.
 - C. Tumigil ang anak sa pag-aaral upang makatulong.
 - D. Maging matatag at masipag sa kabila ng problema sa buhay.

12. Laging tinuturuan ng mag-asawang Lindo at Linda ang kanilang mga anak na magmano sa sinumang panauhin na dumating sa kanilang tahanan. Anong aral ang mapupulot sa kaugaliang pinairal ng mag-asawa?
- A. pagiging maalalahanin sa ibang tao
 - B. huwag makinig sa payo ng mga magulang
 - C. maging magalang sa nakatatanda at panauhin
 - D. umiwas sa pakikipag-usap sa mga hindi kakilala
13. Ang pamilya ang sentro ng kagandahang pag-uugali. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapatunay dito?
- A. Kung ano ang puno, siya rin ang bunga.
 - B. Sa pamilya tayo kumukuha ng lakas upang maging isang ganap na tao.
 - C. Kung ang iyong pamilya ay makasarili, marahil ay gayun din ang iyong pag-uugali.
 - D. Kung nabibigyan ng sapat na atensiyon at gabay ang mga anak ay tiyak magiging isang mabuting indibidwal.
14. Nakiisa si Ernie sa pagbabahagi ng salita ng Diyos kasama ang pamilya. Pinayuhan din niya ang tatlong anak na palaging manalangin at magpasalamat. Paano naging maimpluwensiyang ama si Ernie sa mga anak?
- A. pagiging masipag na ama at mapagbigay sa kaniyang pamilya
 - B. pagsuporta sa mga pangangailangan ng kaniyang anak sa paaralan
 - C. pagpapakita ng mabuting pagpapasya at desisyon sa buhay bilang ama
 - D. sa pagpapayo sa mga anak na hindi makalimot sa Panginoon at magpasalamat
15. Hindi naging madali ang pagharap ni Mang Berto sa pumaslang sa kaniyang asawa ngunit nagkaroon ng puwang ang pagpatawad dahil sa kaniyang mataimtim na pananampalataya. Anong aral ang mapupulot mula sa sitwasyon?
- A. hindi madaling ibigay ang pang-unawa sa ibang tao
 - B. may puwang ang pagpatawad sa bawat puso ng tao
 - C. malayang magdesisyon ang tao para sa kaniyang ikabubuti
 - D. hindi kailangang ipagpilit ang paghingi ng tawad at pagpatawad

Aralin**1****Impluwensiyang Hatid ng Pamilya**

*“Ang batang busog sa pangaral
ay lalaking marangal
malayo sa pagiging hangal
dala ay magandang asal”*

-Anonymous

**Balikan****Gawain 1: Alalahanin Mo!**

Alalahanin mo kung ano ang kontribusyon o aral ng bawat kasapi ng iyong pamilya at ibahagi ang epekto nito sa iyong sarili. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Mga kasapi ng Pamilya	Positibong Kontribusyon	Epekto / Impluwensiya sa sarili
Tahanan		
1. Magulang		
2. Kapatid		
3. Nakatatanda		



Mga Tala para sa Guro

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



Tuklasin


Gawain 2: Puso Ko, Naimpluwensiyahan Mo!


Tukuyin sa binasang salaysay ang parirala na sa tingin mo ay nakapagbigay sa iyo ng positibong impluwensiya sa sarili. Isulat ang sagot sa pusong graphics organizer na nasa iyong sagutang papel.

Dumanas nang matinding pighati si Mang Berto sa pagkamatay ng kanyang asawa kaya labis ang galit na kanyang naramdaman sa pumaslang nito. Hindi naging madali ang pagharap ni Mang Berto sa nagkasala. Sa kabila ng lahat nagawa pa rin nitong magpatawad dahil sa matibay na pananampalataya ng kanyang pamilya.

Sa labis na karangyaan ay nawala sa tamang landas si Ernie. Naging magulo ang kanyang relasyon sa pamilya, nalugi ang negosyo at nabaon sa utang. Kung kanino lumapit at humingi ng tulong hanggang matulungan siya ng kaibigan at pinayuhang magbalik-loob sa Diyos.

Simula noon, araw-araw nang nakiisa si Ernie sa pagbabahagi ng mabuting balita kasama ang kanyang asawang si Mely at mga anak. Tinuturuan din niya ang tatlong anak na palaging manalangin at huwag makalimot sa pagpapasalamat sa buhay at mga biyayang binigay ng dakilang maylikha. Sinisikap din ni Ernie na mailapit sa Diyos ang iba niyang kamag-anak at kaibigan.





Suriin

Anong mga salita ang naisulat mo sa mga puso sa bahaging tuklasin? Nakapagbigay din ba ng aral at magandang impluwensiya sa iyong sarili ang mga karanasan ng tauhan sa salaysay na nabasa?

Sa iba't ibang pamamaraan ay maipakikita ang kabutihan ng isang pamilya. Ang pagpapakita ng taos-pusong pananampalataya, pagpapatawad at pakikisalamuha sa iba ay bunga ng wagas na pagmamahal. Ito ay dahil sa ipinagkaloob ng Diyos ang pag-ibig sa tao.

Ang pagiging isang modelong magulang ay nagsisilbing mabuting impluwensiya sa mga anak. Ito ay nakatutulong upang maitanim sa kanilang murang kaisipan at mahubog ang kanilang mga sarili.

Maraming layunin ang pamilya, isa na rito ang pangalagaan ang kanilang mga anak, na mahubog sa kanila ang pagiging responsableng indibidwal na may pananalig sa Diyos.

Halimbawa na lamang sa mga unang salaysay sa ***Tuklasin***, nagpapakita ito na gaano man kalaki o kaliit ang kasalanan ng isang tao ay may puwang ang pagpapatawad sa takdang panahon sa pamamagitan ng pananampalataya sa Diyos na naging daan upang magpatawad. Ang ganitong gawi ay makapagmumulat at makaimpluwesya sa kasapi ng pamilya na hindi mahirap ang humingi ng patawad at magpatawad. Kung ito ay mailalapat sa sarili at mga kasapi ng pamilya, tiyak uusbong ang pag-unawa sa bawat isa.

Sa ikalawang salaysay naman sa *Tuklasin*, inilalarawan ang gawi ng isang tao na sa anumang yugto ng buhay ay unahin at huwag kalimutang tumawag sa Poong Maykapal na siyang gabay sa buhay. Ito ay sa pamamagitan ng panalangin at pagsangguni ng mga plano sa kaniya.

Kung ang bawat kasapi ng pamilya ay sama-samang magbasa ng banal na aklat, nanalangin para sa isa't isa at pagiging modelo ng magulang sa paghubog ng paniniwala ay malaki ang impluwensiya sa pagkakaroon ng matatag na pananampalataya ng mga anak.

Sa totoong buhay, maraming gawi ang kailangang malinang ng magulang sa sarili upang makalikha ng positibong impluwensiya sa mga anak na maaring mamana at ipagpatuloy din ng mga anak sa kani-kanilang sariling pamilya. Kung ipinakita sa isang pamilya ang pagmamahalan, magiging mapagmahal at mapagbigay sa ibang tao ang anak o kasapi ng pamilya. Kung naipakita ng magulang ang kahalagahan ng simpleng pamumuhay, magkakaroon ng mabigat na pagpapahalaga ang mga anak sa totoong kahulugan ng buhay, magiging matipid at matalino sa pagbili ng mga pangangailangan ang mga ito.

Kung mabuti ang ipinunlang gawi at karanasan ng mga magulang sa pamilya, magkakaroon din ito ng magagandang bunga. Nararapat lamang na mabuting punla ang maitatanim sa puso at isipan ng pamilya upang maging maingat at maayos sa mga pagpapasiya sa buhay. Sa huli, ang mga positibong impluwensiya ang magiging pundasyon upang hubugin sa mabuti ang sarili.


Ayon sa pangaral sa Kawikaan 22:6, *“Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan.”* Lahat ng mga aral na natutunan ng isang anak sa kaniyang mga magulang ay mananatili hanggang sa kaniyang paglaki. Ito ang pinagmumulan ng isang mabuting mamamayan sa lipunan.




Pagyamanin

Gawain 3: Ilista Mo!

Tukuyin at ilaran ang mga magagandang karanasan na naranasan kasama ang iyong pamilya.



Mga Aral at Positibong Impluwensiya sa Loob ng Pamilya



Gawain 4: Mabuting Ehemplo!

Batay sa iyong mga naging sagot sa Gawain 1, tukuyin ang mga dahilan kung bakit naging positibong impluwensiya ang napiling karanasan sa iyong buhay. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Dahilan

Larawan ng
iyong
Pamilya


Dahilan

Dahilan

Dahilan

Gawain 5: I-Akrostik Mo!

Gamit ang akrostik, bigyan ng pagpapakahulugan ang salitang PAMILYA sa kahalagahan nito sa paghubog ng positibong impluwensiya sa bawat kasapi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Rubrik sa pagsulat ng akrostik

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Nilalaman ng Akrostik	Lahat ng letra ay nabigyang kahulugan na naglalarawan sa kahalagahan ng positibong impluwensiya ng pamilya.	Mayroong 2 letra na hindi naglalarawan sa kahalagahan ng positibong impluwensiya ng pamilya.	Mayroong 4 na letra na hindi naglalarawan sa kahalagahan ng positibong impluwensiya ng pamilya.
Kabuonan			




Isaisip

Gawain 6: Napulot na Kaalaman

Sagutan ang sumusunod na tanong at dugtungan ang gabay na pangungusap upang mabuo ang diwa. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang iyong natuklasan ukol sa impluwensiya ng pamilya sa sarili?
Ang natuklasan ko ay_____.
2. Bakit mahalagang bigyan ng tuon ang mga mabubuting karanasan sa loob ng pamilya?
Mahalaga ang mga ito upang_____.
3. Sa iyong palagay, may magandang naidudulot ba ang pamilyang nagbibigay ng positibong impluwensiya sa paghubog ng sarili?
Sa aking pananaw,_____.



Isagawa

Gawain 7: Taglay ng Larawan


Humanap ng larawan ng iyong pamilya at ipaliwanag ang larawan gamit ang mga gabay na tanong. Idikit ito sa sagutang papel.

Gabay na Tanong:

1. Ano ang ipinapakita sa larawan?
2. Ano-ano ang positibong impluwensyang naidulot nito sa iyong sarili?
3. Paano mo isasabuhay nang lubos ang mga positibong impluwensiya na nakuha mula sa iba't ibang karanasan kasama ang pamilya?

Rubrik sa larawang nagpapakita ng impluwensiya

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Larawan ng Pamilya	Ang larawan ay nagtataglay ng aksiyon o karanasan na nagpapakita ng impluwensiya.	Ang larawan ay hindi masyadong nagtataglay ng aksiyon o karanasan na nagpapakita ng impluwensiya.	Ang larawan ay hindi nagtataglay ng aksiyon o karanasan na nagpapakita ng impluwensiya.
Paraan ng mga pagsasabuhay sa positibong impluwensiya ng pamilya	Nakalahad ng 5 kaparaanan ng pagsasabuhay sa positibong impluwensiya ng pamilya sa sarili	Nakalahad ng 3 kaparaanan ng pagsasabuhay sa positibong impluwensiya ng pamilya sa sarili	Nakalahad ng 1 kaparaanan ng pagsasabuhay sa positibong impluwensiya ng pamilya sa sarili
Kabuoang Puntos			



Tayahin

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Hindi maipagkakaila ang saya sa ngiti ni Aleng Nina nang binigyan ito ng *House & Lot* ng *Engineer* na anak. Bilang Kabataan, anong impluwensiya ang masasalamain sa anak ni Aleng Nina?
 - A. pag-aalaga sa kaniyang Ina
 - B. pagmamahal sa kaniyang Ina
 - C. pag-aasikaso sa kaniyang Ina
 - D. pagbibigay-buhay sa kaniyang Ina
2. Sa kabila ng kahirapan, hindi nawawalan ng pag-asa ang ama ni Linda sa pagtaguyod sa kanila. Alin sa sumusunod ang positibong impluwensiyang ipinakita ng ama?
 - A. pagiging matatag
 - B. pagiging madasalin
 - C. pagiging masayahin
 - D. pagiging disiplinado
3. Binaha ang aming lugar noong bagyong Ondoy at sa awa ng Panginoon ay may mabuting loob na nag-alok na patuluyin kami sa kanilang tahanan. Anong aral ang mapupulot sa sitwasyon?
 - A. pagiging madasalin
 - B. pagkakaroon ng pag-asa
 - C. pagiging maramot sa iba
 - D. pagiging matulungin sa kapuwa
4. Kilala ang pamilyang Pilipino sa pagkalinga sa kanilang mga anak. Alin sa sumusunod ang nagpapatunay nito?
 - A. hinahatid sa eskuwelahan
 - B. laging binibigyan ng pera ang anak
 - C. pinapadalhan ng mga pagkain sa loob ng klase
 - D. sinusuportahan sa gustong makamit ng anak

5. Nagsisigaw si Loloy nang madatnan ang kaniyang ina na nakahandusay sa sala sa sobrang sakit ng tiyan. Dali-dali namang pumasok ang nakatatandang kapatid at dinala ang ina sa hospital. Alin sa sumusunod ang positibong pag-uugali ang ipinakita sa sitwasyon?
 - A. ang pag-alalay sa ina papunta sa ospital
 - B. labis ang kasiyahang ipinapakita ng kapatid
 - C. ang kapatid may nakaramdan ng pagkabalisa sa nangyayari
 - D. nakatutulong ang mga kapamilya sa oras ng pangangailangan

6. Alin sa sumusunod ang una at pinakapangunahing pamantayan sa paghubog ng isang maayos na pamilya?
 - A. pagkakaroon ng mga anak
 - B. pagtatanggol ng karapatan
 - C. pagsunod sa mga patakaran
 - D. pinagsama ng kasal ang magulang


7. Ang pamilyang Dela Cruz ay hindi nakalilimot manalangin nang sama-sama tuwing Linggo. Ano ang dapat tularan sa pamilya Dela Cruz?
 - A. pagiging disiplinado
 - B. pagiging matatag sa sarili
 - C. walang anumang alitan ang bawat isa
 - D. may pagkakaisa sa pagsamba sa Panginoon

8. “Kapag sama-sama at nagtulungan ang bawat kasapi ng pamilya ito ay magiging buo at matatag.” Anong aral ang mapupulot sa kasabihan?
 - A. Ang pamilya ang pundasyon sa lipunan.
 - B. Ang pamilya ang salamin sa lipunan.
 - C. Kung ano ang puno, siya rin ang bunga.
 - D. Kung matatag ang pamilya, may pakinabang sa lipunan.

9. “Ang pagmamahalan ay nagpapatibay sa isang pamilya.” Anong mensahe ang ipinahiwatig sa pahayag?
 - A. Ipadama ang pagmamahal sa bawat kasapi ng pamilya.
 - B. Dito ipinapakita ang pagsasama ng buhay at pagmamahal.
 - C. Nakapagbibigay-buhay dahil nakatakda ito sa pagkakaroon ng anak.
 - D. Nagkaroon ng kaligayahan ang bawat kasapi ng pamilya kung may pagmamahalan.

10. Laging ipinagdiriwang ng pamilya Santos ang tagumpay ng kanilang anak. Anong kaugalian ang maaring tularan sa pamilya Santos?
 - A. paghamon sa anak na magtagumpay
 - B. pagpapakita ng interes sa kanilang larangan
 - C. pagmamalaki sa tagumpay ng kasapi ng pamilya
 - D. pasasalamat at suporta sa tagumpay na nakamit

11. Araw-araw naglalako ng paninda si Aling Ester nang sa gayon ay matustusan niya ang pag-aaral ng kaniyang mga anak. Lagi rin niya itong pinapayuhan na magsipag sa kabila ng kahirapan sa buhay. Anong positibong impluwensiya ang ipinakita ni Aling Ester?
- Hindi hadlang ang kahirapan sa buhay.
 - Pinasama ang anak sa paglalako ng paninda.
 - Tumigil ang anak sa pag-aaral upang makatulong.
 - Maging matatag at masipag sa kabila ng problema sa buhay.
12. Laging tinuturuan ng mag-asawang Lindo at Linda ang kanilang mga anak na magmano sa sinumang panauhin na dumating sa kanilang tahanan. Anong aral ang mapupulot sa kaugaliang pinairal ng mag-asawa?
- pagiging maalalahanin sa ibang tao
 - huwag makinig sa payo ng mga magulang
 - maging magalang sa nakatatanda at panauhin
 - umiwas sa pakikipag-usap sa mga hindi kakilala
13. Ang pamilya ang sentro ng kagandahang pag-uugali. Alin sa sumusunod na kasabihan ang nagpapatunay dito?
- Kung ano ang puno, siya rin ang bunga.
 - Sa pamilya tayo kumukuha ng lakas upang maging isang ganap na tao.
 - Kung ang iyong pamilya ay makasarili, marahil ay gayun din ang iyong pag-uugali.
 - Kung nabibigyan ng sapat na atensiyon at gabay ang mga anak ay tiyak magiging isang mabuting indibidwal.
14. Hindi naging madali ang pagharap ni Mang Berto sa pumaslang sa kaniyang asawa ngunit dahil sa kaniyang pananampalataya nagkaroon ng puwang ang pagpatawad. Anong aral ang mapupulot mula sa sitwasyon?
- hindi madaling ibigay ang pang-unawa sa ibang tao
 - may puwang ang pagpatawad sa bawat puso ng tao
 - malayang magdesisyon ang tao para sa kaniyang ikabubuti
 - hindi kailangang ipagpilit ang paghingi ng tawad at pagpatawad
15. Nakiisa si Ernie sa pagbabahagi ng salita ng Diyos kasama ang pamilya. Pinayuhan din niya ang tatlong anak na palaging manalangin at magpasalamat. Paano naging maimpluwensiyang ama si Ernie sa mga anak?
- pagiging masipag na ama at mapagbigay sa kaniyang pamilya
 - pagsuporta sa mga pangangailangan ng kaniyang anak sa paaralan
 - pagpapakita ng mabuting pagpapasya at desisyon sa buhay bilang ama
 - sa pagpapayo sa mga anak na hindi makalimot sa Panginoon at magpasalamat



Karagdagang Gawain

Gawain 8: Iguhit Mo!

Gumuhit ng *poster* at sumulat ng islogan tungkol sa kahalagahan ng mga aral at positibong impluwensiya na nakuha sa sariling pamilya.

Mga kagamitan:

Long size bond paper

Lapis


Pentel pen

Krayola/pastel

Ruler

Rubrik sa paggawa ng Poster at Islogan

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Kaangkupan ng nilalaman sa Tema	Napakahusay at Angkop sa tema ang desinyo at islogan	Mahusay ngunit hindi masyadong angkop sa tema ang desinyo at islogan	Hindi angkop sa tema ang desinyo at islogan
Pagkamalikhain at orihinalidad sa pagguhit at islogan	Napakamalikhain at 100 % orihinal ang iginuhit at islogan	Malikhain at 75% na orihinal ang iginuhit at islogan	Hindi malikhain at 50% na orihinal ang iginuhit at islogan
Malinaw na naipahayag ang mensahe sa iginuhit	Napakalinaw ang pagkalalahad ng mensahe sa iginuhit	Malinaw ang pagkalahad ng mensahe sa iginuhit	Hindi malinaw ang pagkalahad ng mensahe sa iginuhit
Kabuoang Puntos			



Susi sa Pagwawasto

<p>Isaisip Gawain 6 1. mayroong positibo at negatibong impluwensiya ang pamilya 2. mahubog ito sa sarili 3. maging gabay sa buhay at pakikipagkapuwa</p> <p>Tayahin 1. D 2. C 3. B 4. B 5. C 6. D 7. B 8. D 9. A 10. A 11. B 12. D 13. D 14. D 15. A</p>	<p>Pagyamanin Gawain 3 1. pagtutulungan sa gawain 2. pantay-pantay na pagtingin sa bawat isa 3. pagiging bukas ng saloobin 4. pagsisimba ng sama-sama 5. pagkakaroon ng family time Gawain 4 1. maging matulungin sa kapuwa 2. maayos at pantay na pakikitungo sa tao 3. naging matatag ang pananampalataya 4. nagsasabi ng totoo sa kausap 5. matibay ang samahan ng pamilya</p>
<p>Baliknan 1. Responsible sa pamilya - maging responsible sa pag-aaral 2. matulungin sa gawain- matulungin sa kapuwa 3. manawain - may paggalang sa nakatatanda</p> <p>Tuklasin 1. may puwang ang pagpapatawad 2. manalig sa Panginoon 3. may pagkakataong magbago ang tao</p>	<p>Subukin 1. D 2. B 3. D 4. A 5. A 6. B 7. D 8. D 9. D 10. A 11. D 12. C 13. B 14. B 15. C</p>

Sanggunian

Aklat

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral*. 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

Hanguang Elektroniko

j0goac4o-zjc, Screen Name:. 2020. *Prezi.com*. Accessed May 5, 2020.
<https://prezi.com/j0goac4o-zjc/bakit-ang-pamilya-ang-pinakamahalagang-yunit-ng-lipunan/>.

1905. *newchristianbiblestudy.org*. Accessed July 7, 2020.
<https://newchristianbiblestudy.org/bible/tagalog-1905/proverbs/22/6>.

2014. *weebly.com*. July. Accessed May 05, 2020.
<https://angatingpamilya.weebly.com/blog/archives/07-2014>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph